Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-108 REGULAR NA PAGPUPULONG NG 10TH SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG 19 JULY 2021, IKA-1:00 NG HAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gualberto V. Magno	- Tagapangulo
Konsehal Jerwin S. Dimapilis	
Konsehal Agustin L. Cusi	
Konsehal David D. Dela Cruz	
Konsehal John John S. Yason	
Konsehal Robert S. Quiatchon	
Konsehal Lucille T. Bacay	
Konsehal Juan Rafael M. Talens	
Konsehal Ronel S. Sescar	
Konsehal Celso M. Dimapilis	- Pangulo, Liga ng Barangay
Konsehal Elmira May V. Tarac	- Pangulo, SKMF

Hindi Nakadalo: W A L A

KAPASYAHAN BLG. 435
Taong 2021

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT TAUSPUSO AT MALIGAYANG PAGBATI SA PAGDIRIWANG IKA-107 TAONG ANIBERSARYO NG PAGKAKATATAG NG IGLESIA NI CRISTO SA HULYO 27, 2021.

SAPAGKAT, ang pagdiriwang ng anibersaryo ng pagkakatatag ng Iglesia ni Cristo ay isang napakahalagang kaganapan para sa mga namumuno at miyembro dahilan upang ito ay muli na namang gunitain;

SAPAGKAT, sa mahabang panahon ipinakita ng Iglesia ni Cristo ang tunay na pagkakaisa, matibay na pananampalataya at masiglang pagpapalaganap ng mga aral at salita ng Diyos;

SAPAGKAT, ang Iglesia ni Cristo, sa loob ng 107 taon ay katuwang ng pamahalaan sa pagsulong ng mga adhikain na nakabatay sa mga itinatadhana ng Saligang Batas at mga programang nagtataguyod ng kapakanan ng mamamayan;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan at ang mga namumuno sa pamahalaang bayan ng Roxas ay lubos na nakikiisa sa gaganaping pag-alaala sa natatanging araw ng Iglesia ni Cristo at umaasang ang pagpapala ng Panginoon ay lagi nilang makamit sa kanilang mga gawain at layunin.

GUALBERTO V. MAGNO **FERDINAND V. TALENS, MPA**

DAHIL DITO, sa pangunguna ni Konsehal Juan Rafael M. Talens at sa nagkakaisang mungkahi ng lahat –

IPINASIYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot ang taospuso at maligayang pagbati sa Iglesia ni Cristo sa pagdiriwang ng kanilang anibersaryo ng pagkakatatag sa Hulyo 27, 2021.

IPINASIYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Kapatiran ng Iglesia ni Cristo ng Barangay Bagumbayan, Barangay San Aquilino, Barangay Libtong, Barangay Cantil at Barangay San Mariano, lahat sa bayan ng Roxas, Oriental Mindoro para sa kanilang kaalaman.

IPINASYA PA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito si Kgg. Ministro Wilfredo A. Arcega, Tagapangasiwa ng Distrito, Bongabong, Oriental Mindoro at si Kgg. Eduardo V. Manalo, Tagapamahalang Pangkalahatan, Iglesia ni Cristo Central Office, Commonwealth Avenue, Quezon City.

Pinagtibay : 19 Hulyo 2021

PINATITIBAYANG WASTO:

FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:

GUALBERTO V. MAGNO
Pangalawang Punong Bayan

mers/07192021